

ANG MGA GAMOT

Ang mga gamot ay mga produktong pinag-aralan ng mga scientist na kinakailangan upang **labanan ang mga sakit o ang kanilang mga sintomas**. Ang bawat gamot ay may sariling layunin at dapat na **inireseta ng isang doktor**, na nakakaalam kung aling gamot ang gagamitin para sa bawat sakit.

Maaari nating hatiin ang mga gamot sa **tatlong malalaking grupo**:

- 1) **Ang mga gamot na kinakailangan** (ibig sabihin, ang mga gamot na kinakailangan para sa malusog na tao na walang mga sakit na ginagamot sa mga partikular na gamot) ay tatlo:
 - Ang bitamina D, inireseta ng mga doktor para sa lahat ng mga bata hanggang sa 1 taong buhay;
 - Ang tachipirina, ibibigay lamang sa kaso ng lagnat o masakit;
 - Mga antibiotics, kapag inireseta lamang ng doktor ang mga ito at kapag kinakailangan lang. Karamihan sa mga impeksyon ng mga bata ay hindi nangangailangan ng antibiotics upang gumaling.
- 2) Ang mga **gamot na HINDI kailangan** ay napakarami:
 - Mga Bitamina (**maliban sa bitamina D**): napakarami, mahal masyado ngunit hindi kinakailangan sa mga malulusog na bata. Mas mahusay na pakainin ang mga bata ng prutas at gulay;
 - **Lactic ferment**: hindi sila kinakailangan alinman sa kaso ng pagtatae at pagsusuka o kapag umiinom ng antibiotics;
 - **Aerosol**: walang silbi, kahit sa mga batang may sipon. Ito ay para lamang sa mga batang nagdurusa sa hika ngunit maaaring gamitin ang mga mas komportableng mga kahalili;
 - **Mga syrup para sa ubo**: mas mahusay na magbigay ng **miele** (honey) kung sakaling tuyo't ang ubo. Gayunpaman, ang honey ay HINDI dapat ibigay sa mga batang wala pang 1 taon dahil maaari itong mapanganib!
- 3) Ang mga **gamot na NAKAKASAMA**:
 - **Mucolytic** (syrups upang matunaw ang plema): walang silbi para sa karamihan na mga tao at LUBHANG mapanganib para sa mga batang wala pang 2 taong gulang;
 - **Lahat ng mga gamot na hindi inireseta ng doktor**: kung hindi sinabi sa atin ng doktor na bigyan ng gamot ang ating anak ay hindi ito dapat gawin! Pwede silang maging lason.

- **Mga gamot ng mga adulto:** ang mga gamot na iniinom ng mga matatanda ay tiyak na nakakalason sa mga bata. Ang mga gamot na mayroon ka sa bahay ay hindi dapat ibigay sa mga bata at dapat itago sa isang lugar na hindi maabot ng mga bata. Ang mga dosis para sa mga matatanda ay mas mataas kaysa para sa mga bata at may mga gamot na nakakabuti para sa mga matatanda at nakakasama para sa mga bata. Mag-ingat kayo!